## SO WHAT

- Papaano mo ilalarawan ang pag-ibig ng Diyos? Papaano ka nahahamon ng pag-ibig Niya na mahalin ang kapwa?
- Papaano ka nabibigyang-sigla ng pagiging mapagbigay-loob at pagkamahahabagin ng Diyos na abutin ang iyong mga kaibigan at kaklase?
- Gaano mo ipinagpapasalamat ang tiyaga ng Diyos sa atin? Bakit matiyaga ang Diyos sa atin?

## NOW WHAT

- Sino ang isang tao sa iyong buhay na nahihirapan kang pakitunguhan at abutin? Hilingin kay Jesus na umapaw ang pagmamahal Niya sa buhay mo para sa taong iyon.
- May mga tao ba sa iyong paligid na hindi mo talaga gustong maligtas dahil masama ang loob mo sa kanila? Ipagdasal mo sila at gumalaw sa kabaliktaran ng iyong nararamdaman. Manalig na baguhin ng Diyos ang iyong puso tungo sa kanila at magbigay-daan upang maabot sila ng ebanghelyo.
- Tumingin sa iyong paligid at maging sensitibo upang masabi mo kung sino ang mga dumadaan ng paghihirap. Humiling sa Diyos ng dunong at paraan upang maging panalangin sa taong iyon.

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na palaguin Niya ang Kanyang pagmamahal sa iyong puso para sa mga taong pumapaligid sa iyo lalo na sa mga tinuturing mong hindi karapat-dapat mahalin.
- Hilingin kay Jesus na gawin kang maging mas mapagbigay-loob at mahabagin sa mga tao sa paligid mo upang maging matiyaga ka rin sa kanila.
- Humiling sa Banal na Espiritu ng higit na tapang, dunong, at basbas sa pagbahagi mo ng buong puso ng ebanghelyo sa iyong mga kaibigan, kaklase, katrabaho, at mga mahal sa buhay na nangangailangang marinig ito.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 4 **FILIPINO**

# Pagkahahabag

HOTSPOT

## NOTES

## CONNECT

- Ikwento ang panahong nahahabag ka sa isang tao. Anong nag-uyok sayo na maramdaman ang ganoon sa kanya?
- Nainis o nagalit ka na ba ng sobra sa isang tao na hindi mo na magawang magsaya kapag may magandang nangyari sa kanya? Bakit ka nakaramdam ng ganoon?
- Nasubukan mo na bang lumabas sa iyong kaginhawaan upang tulungan ang isang kaibigan, kaklase, o katrabaho na nangangailangan? Papaano mo ito ginawa?

**WORD**

*[10]Nakita ng Diyos ang kanilang ginawa kung paanong tinalikuran nila ang kanilang masamang pamumuhay. Kaya nagbago ang kanyang isip, at hindi na niya nilipol ang mga taga-Nineve gaya ng kanyang sinabi noon. . . . [1]Sumama ang loob ni Jonas sa nangyaring iyon at galit na galit siya. [2]Sinabi niya sa Panginoon sa kanyang panalangin, "O Panginoon, talagang hindi ako nagkamali nang sinabi ko noong naroon pa ako sa aming lugar na kaaawaan mo ang mga taga-Nineve kung magsisisi sila, dahil alam kong mahabagin ka na Diyos at mapagmalasakit. Mapagmahal ka at hindi basta nagagalit. Handa kang magbago ng isip at hindi na sila parusahan. Iyan ang dahilan kung bakit tumakas ako papuntang Tarshish".* JONAS 3:10; 4:1,2

**WHAT**

Sa pagsunod niya sa utos ng Diyos, inihayag ni Jonas ang mensahe ng Diyos sa Nineve. Nagsisi ang mga taga-Nineve at binawi ng Diyos ang Kanyang hatol. Ngunit hindi nagustuhan ni Jonas ang pagkahabag ng Diyos sa mga tao na tila ba'y hindi niya gustong magsisi ang mga taga-Nineve at maligtas sila. Anong mensahe ang hinahatid ng pagiging mahabagin ng Diyos sa atin?.

## 1 Mahal ng Diyos ang mga tao sa mundong ito.

*[4]Ngunit napakamaawain ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, [5]na kahit itinuturing tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Kristo. (Kaya naligtas tayo dahil lamang sa biyaya ng Diyos.)* EFESO 2:4,5

Tulad ng mga Pariseo, tayo ay may inklinasyon na kamuhian ang mga makasalanan kahit tayo mismo ay mga makasalanan din (Mateo 9:10-13). Ngunit salamat sa Diyos na mahal tayo at sa pamamagitan ni Kristo, niligtas Niya tayo. Bakit pumarito si Jesus sa mundo? Paano niya tinitingnan ang mga makasalanan at paano tayo nito nahihikayat na baguhin ang ating mga puso sa pikikitungo sa kanila?

## 2 Ang Diyos ay mapagbigay-loob at mahabagin.

*[8]Panginoon, kayo'y mahabagin at matulungin, hindi madaling magalit at sagana sa pagmamahal. [9]Panginoon, kayo'y mabuti sa lahat. At nagmamalasakit sa lahat ng inyong nilikha.* SALMO 145:8,9

Kung hindi mapagbigay-loob at mahabagin ang Diyos, malamang ay patay na tayong lahat at papunta sa impiyerno. Ngunit dahil sa grasya at habag ng Diyos, lahat tayo ay naligtas at pinagpala. Kaya naman ay gusto ng Diyos na tayo rin ay maging puno ng pagmamahal at pagkaawa sa lahat ng makasalanan. Ano ang ibig sabihin ng pagiging mapagbigay-loob?

## 3 Ang Diyos ay matiisin sa atin at ayaw Niyang may mapahamak na sinuman.

*Hindi nagpapabaya ang Panginoon sa pagtupad sa pangako niya, gaya ng inaakala ng ilan. Ang totoo, binibigyan lang niya ng pagkakataong magsisi ang lahat sa mga kasalanan nila, dahil ayaw niyang mapahamak ang sinuman.* 2 PEDRO 3:9

Hindi tinutulak ng Diyos ang mga tao na sundin Siya—matiyaga Niyang hinihintay sila ngunit kasabay nito ay ang higit Niyang pagnanais na lahat ay makamtan ang kaligtasan. Sa kaalamang ito, bakit kailangan nating gawin ang lahat ng pagsisikap na ikalat ang Magandang Balita sa buong mundo?